# Joy B sa LGBT community: Tahanan ninyo ang QC

Tiniyak ni Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte na patuloy na kakalingain at poprotektahan ng lungsod ang kapakanan at karapatan ng mga miyembro ng Lesbian, Gay, Bisexual, Transgender (LGBT) Communit.

Ito ay sinabi ni Belmonte nang ihayag ang kanyang plataporma na hangaring gawing isang millennial city ang QC na angkop sa diversity, innovation, at mga progresibong kaalaman na eengganyo sa mga kabataan na manirahan sa lungsod na may potensiyal sa pagbabago at pag- unlad ng pamayanan.

"Our message to the LGBT sector is that you are safe here, we welcome you here, we protect your rights here and you can call Quezon City your home," dagdag pa ni Belmonte.

Anya, ang QC ang unang lungsod na nagpasa ng ordinansa na nangangalaga sa karapatan ng mga miyembro ng LGBT community na kilala bilang QC Gender-Fair Ordinance, ang batas na nag-aalis sa anumang uri ng diskriminasyon sa sinumang tao anuman ang kanyang kasarian.

Sa ilalim ng QC Gender-Fair Ordinance, pinarurusahan ang sinumang hahadlang na mabigyan ng trabaho, makapag-aral, makatanggap ng anumang serbisyo at akomodasyon ang LGBT members .

Binibigyan din ng karapatan ang LGBT members na makapasok sa alinmang establisimiyento, pinoproteksiyunan din ang mga ito mula sa anumang uri ng harassment at hindi kanais nais na paglapastangan sa karapatan ng mga ito.

May kulong ng 2 buwan hanggang isang taon at multang P1,000 hanggang P5, 000 ang sinumang lalabag sa naturang ordinansa. *(Angie Dela Cruz)*